ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# KATANGIANG PANLINGGUWISTIKO NG MGA SANAYSAY SA FILIPINO 8

**Jacrei G. Asi, Helen Tolete**
*Secondary School Teacher II, Ibabang Talim Integrated High School, Lucena City*

## ABSTRAK

*ASI, JACREI GARCIA. **"KATANGIANG PANLINGGUWISTIKO NG MGA SANAYSAY SA FILIPINO 8".** Di-Limbag na Masteradong Tesis. Kolehiyo ng Sacred Heart ng Lungsod ng Lucena, Inc., Disyembre 2023. (Helen E. Tolete, PhD, Tagapayo).*

*Naglalayon ang pananaliksik na masuri ang mga katangiang panlingguwistikong makikita sa mga sanaysay sa Filipino 8. Isa sa mga paksang pinag-aaralan sa Filipino 8 ang pagsulat ng sanaysay gamit ang iba't ibang katangiang panlingguwistiko. Ang mga isinulat na sanaysay ng mga mag-aaral sa Filipino 8 ang naging korpus ng pag-aaral. Pumili ang mananaliksik 30 sanaysay batay sa instrumentong ginamit sa pag-aaral. Sinuri ng mananaliksik ang mga nakalap na sanaysay sa pamamagitan ng kuwalitatibong dulog at deskriptibo-analitikong disensyo ng pananaliksik. Matapos ang naging pagsusuri sumangguni ang mananaliksik sa mga dalubhasa sa larangan ng lingguwistika at pagsulat sa Filipino upang maipabalido ang isinagawang pagsusuri.*

*Nabatid sa kinalabasan ng pagsusuri na naglalaman ng iba't ibang ibang kayarian ng salita ang mga sanaysay. Nabatid na gumamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita ang mga mag-aaral sa kaniilang mga sanaysay kagaya ng pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, pang-abay, pangatnig, pang-ukol, pang-angkop at pantukoy. Natukoy ang mga naging gampanin ng iba't ibang uri ng parirala at sugnay sa pagbuo ng pangungusap Batay pa rin sa kinalabsan ng pagsusuri may iba't ibang uri ng mga pangungusap ayon sa kayarian ang nakita sa mga sanaysay, tulad ng payak na pangungusap na pinakakaraniwang anyo ng pangungusap na ginamit sa mga sanaysay at may ilang tambalang pangungusap at hugnayang pangungusap. Natukoy ang iba't ibang uri ng pangungusap ayon sa gamit at ang pangungusap na paturol ang pinakamadami sa mga ito. Batay sa kinalabasan ng isinagawang pagsusuri, nabuo ang awtput ng pag-aaral na isang gabay sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino. Base sa mga resultang inilahad nabuo ng mananaliksik ang mga sumusunod na konklusyon, naglalaman at binubuo ng iba't ibang katangiang panlingguwistiko sa larangan ng morpolohiya at sitaksis ang mga sanaysay sa Filipino 8. May iba't ibang komunikatibong gamit ang mga katangiang panlingguwistiko ginamit at nakita sa mga sanaysay ng mga mag-aaral at maaaring makabuo ng isang materyal tulad ng gabay sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino batay sa pagsusuri ng katangiang panlingguwistiko ng mga akdang pampanitikan.*

**MGA SUSING SALITA*:*** *gabay sa pagsulat ng sanaysay, katangiang panlingguwistiko, sanaysay*

## I. PANIMULA

Isa sa mga mahahalagang kasanayan na dapat malinang ng bawat indibidwal ang pagsulat. Mahalaga ang pagsulat sapagkat lundayan ito ng lahat ng iniisip, nadarama, nilalayon at pinapangarap ng tao (Badayos, 2014). Kinakilangang mapaunlad ng bawat mag-aaral ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagsulat gamit ang sariling wika upang epektibong maipahayag ang kanilang pananaw, saloobin at ideya tungkol sa isang paksa. Isa ito sa mga adhikain ng pagtuturo ng Filipino sa mga paaralan. Marami sa mga kasanayang pampagkatuto sa kasalukuyang kurikulum sa asignaturang Filipino ang nakatuon sa pagpapaunlad ng kakayahan at kasanayan sa pagsulat. Marami sa mga kasanayang pampagkatuto sa kasalukuyang kurikulum sa asignaturang Filipino ang nakatuon sa pagpapaunlad ng kakayahan at kasanayan sa pagsulat.

Kinapapalooban ito ng mga pagtalakay ng mga akdang pampanitikan at pagsulat ng mga ito gamit ang natutunang mga alituntuning panlingguwistiko sa Filipino. Nakatutulong sa paglinang ng kaalaman at kasanayan sa wika, kritikal at malikhaing pag-iisip, at pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ang pagsulat ng iba't ibang teksto o panitikan (Molina, 2015). Sa larangan ng pagsulat, kinakailangang isaalang- alang ang maayos at epektibong pagpapahayag nito upang ganap na matamo ng mga mambabasa ang mensahe ng isinulat na teksto

Mas makakamtan ito kung maisasaalang-alang ng bawat mag-aaral ang mga katangiang panlingguwistiko at mailalapat ito sa kanilang pagsulat. Tumutukoy ang mga katangiang panlingguwistiko o linguistic features sa mga anyo at istruktura ng wika na ginagamit ng isang manunulat upang makamit ang isang partikular na layunin ng komunikasyon at retorika (De Ramos, 2017). May malawak na kaugnayan ang katangiang panlingguwistiko sa paglalapat ng wika sa mga sulatin. Maaaring

maiugnay ito sa paggamit ng mga salita, sa pagbuo ng mga pangungusap at pagbibigay kahulugan sa mga ito. Isa ito sa mga mahahalagang paksang tinatalakay sa Filipino at kadalasang inilalapat sa mga akademikong sulatin gaya ng mga sanaysay.

Isa sa mga panitikang itinuturo at isinusulat ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino ang sanaysay. Isa itong uri ng tuluyang panitikan at naglalaman ng mga mahahalagang pagtalakay sa iba't ibang isyu. Malinaw na nakasaad sa Batayang Pangkurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon (2013) na kailangang matutunan at makasulat ang mga mag-aaral ng mga ganitong anyo ng panitikan. Itinuturo ng mga guro sa Filipino ang pagsulat ng mga sanaysay sa lahat ng baitang sa sekundarya. Pokus ng pagtuturo ng sanaysay ang wastong pagsulat nito gamit ang mga katangiang panlingguwistiko sa Filipino. Inaasahan ng Kagawaran ng Edukasyon na may sapat na kaalaman at kasanayan sa pagsulat ng mga akademikong sulatin gaya ng sanaysay ang mga mag-aaral na Pilipino sa pagtatapos nila ng sekundarya.
Gayunpaman kapansin-pansin na marami pa ring mag-aaral sa asignaturang Filipino ang nahihirapan at nakakaranas ng suliranin sa pagsulat lalo na sa wastong paggamit ng mga katangiang panlingguwistiko sa kanilang mga tekstong isinusulat gaya ng sanayay. Patunay nito ang kinalabasan ng kanilang mean percentage score na 58.63

bahagdan sa ikalawang markahan na may interpretasyong unsatisfactory. Nakakabahala ang resultang ito sapagkat sa markahang ito higit na tinatalakay ang pagsulat gamit ang mga katangiang panlingguwistiko. Nangangahulugan itong kinakailangang magsagawa ang guro ng mga karagdagang pagtalakay at gawain upang mapabuti ang sitwasyon ng mga mag-aaral sa mga paksa at kasanayang nahihirapan sila.

Makakaapekto ang mga gawaing ito sa paglinang ng kasanayang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral kaya nararapat na higit bigyang-pansin at kaukulang aksiyon. Malulutasan ang mga ganitong suliranin sa pagsulat kung mababatid ng mga gurong nagtuturo ng wika at pagsulat ang mga hadlang o problemang kinakaharap at nararansan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri ng kanilang mga tekstong isinulat. Ito ang isinagawa ni De Ramos (2017) sa kanyang pananaliksik hinggil sa katangiang panlingguwistiko sa mga akademikong teksto ng mga mag-aaral sa Baitang 10. Isinalaysay niyang mahalagang masuri at mabatid ang mga tekstong naisulat ng mga mag-aaral upang mapagtanto ang mga suliraning kinakaharap at nararanasan ng mga ito sa kanilang pagsulat. Sa pamamagitan nito maaaring makabuo ang mga gurong nagtuturo ng pagsulat ng mga angkop na gawaing magpapaunlad sa kanilang kasanayan.
Ito ang nagbunsod sa mananaliksik upang bigyan ng pansin at pokus ng pag-aaral ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat gamit ang iba't ibang katangiang panlingguwistiko. Bilang gurong nagtuturo ng wika at pagsulat lubos na makatutulong ang pag-aaral na ito upang higit na mapagbuti ang pagtuturo ng pagsulat ng mga akdang pampanitikan tulad ng sanaysay. Matapos ang pagsusuri ng mga sanaysay at mabatid ang mga katangiang panlingguwistikong mababasa sa mga ito, naging batayan ito ng mananaliksik sa pagbuo ng gabay sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino. Inaasahang makatutulong ito sa paglinang ng kaalaman ng mga mag-aaral sa mga katangiang panlingguwistiko at pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.

**Paglalahad ng mga Suliranin**

1. Ano-anong mga katangiang panlingguwistiko ang makikita sa mga sanaysay sa Filipino 8?
   - 1.1 Morpolohiya;
     - 1.1.1 Kayarian ng Salita,
     - 1.1.2 Bahagi ng Pananalita,
   - 1.2 Sintaksis;
     - 1.2.1. Parirala,
     - 1.2.2. Sugnay,
     - 1.2.3. Uri ng Pangungusap ayon sa Kayarian,
     - 1.2.4. Uri ng Pangungusap ayon sa Gamit,
2. Ano-anong mga komunikatibong gamit ng mga katangiang panlingguwistiko ang nakita sa mga sanaysay sa Filipino 8?
3. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, anong gabay sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino 8 ang maaaring mabuo?

## II. METODOLOHIYA

Tumatalakay ang kabanatang ito sa mga hakbang at pamamaraang ginamit ng mananaliksik upang makalap ang mga kinakailangang datos para maisakatuparan ang pag- aaral. Kabilang dito ang disenyo ng pananaliksik, lugar kung saan isinagawa ang pananaliksik, korpus ng pag-aaral, mga isinagawang paraan sa pangangalap ng datos, pagsusuri ng datos, mga sinangguning interkoder at etikal na konsiderasyong isinagawa.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Gumamit ang mananaliksik ng kuwalitatibong pagdulog at deskriptibo- analitikong pagsusuri upang masagot ang mga inilahad na suliranin ng pananaliksik. Batay kay Packer (2010) higit na nakatuon ang kuwalitatibong dulog ng pananaliksik sa pagbibigay kahulugan at interpretasyon sa mga katangian, pangyayari, pamamaraan, penomenon at sitwasyong sinuri gamit ang mga hindi *numerical* na datos. Ito ang proseso at pamamaraang ginamit ng mananaliksik sa pagsusuri ng mga nakalap na sanaysay.

Gumamit ng deskriptibo-analitikong pamamaraan ang mananaliksik sa pag- aaral na ito upang masuri ang mga katangiang panlingguwistiko Nakita sa mga sanaysay. Ayon kay Cote (2021) sa deskriptibo-analitikong proseso ng pagsusuri binibigyang interpretasyon ang mga nakalap na datos sa pamamagitan ngpaghahambing ng mga ito at pagpapakita ng ugnayan ng bawat isa. Ginamit ng mananaliksik ang disenyong ito sa pagsagot ng mga katanungang inilahad sa pag-aaral.

**Lugar ng Pananaliksik**
Isinagawa ang pag-aaral na ito sa isa sa mga paaralan sa sekundarya sa Sangay ng Lungsod ng Lucena. Napili ng mananaliksik ang paaralan bilang lokal ng pag-aaral sa kadahilanang nabatid niya na may mababang antas ng kasanayan at kaalaman ang mga mag-aaral sa pagsulat gamit ang Filipino. Naging batayan ng mananaliksik ang kinalabasan ng pagsusuri sa *mean percentage score* ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa nakaraang taon. Sa ikalawang markahan kung saan tinatalakay ang mga katangiang panlingguwistiko may nakuha lang na 58.63 bahagdan ang mga mag-aaral sa Baitang 8 at may deskripsyo itong hindi kasiyasiya. Batay dito nangangailangan ng mga interbensyong gawain ang mga mag-aaral sa paaralan upang mas mapabuti ang kanilang kaalaman at kasanayan sa asignatura partikular na sa pagsulat gamit ang iba't ibang mga katangiang panlingguwistiko.

**Korpus ng Pag-aaral**
Gumamit ang mananaliksik ng mga sanaysay na isinulat ng mag-aaral sa Baitang 8 bilang korpus ng pag-aaral. Napili ng mananaliksik ang sanaysay bilang korpus na pag-aaral at ang suriing panitikan sapagkat isa ito sa mga mahahalagang akademikong sulatin isinasagawa ng mga mag-aaaral sa asignaturang Filipino. Isa itong anyo at uri ng panitikan na naglalahad ng mapanuring opinyon, pananaw at mga saloobin ng may akda o ng isang institusyon hinggil sa isang napapanahong isyu o paksa.

Isa mga paksang itinuturo sa asignaturang Filipino 8 ang pagsulat ng sanaysay. Kabilang ito sa mga kasanayang pampagkatutong nakasaad sa kurikulum sa Filipino at isa sa mga akademikong sulating isinasagawa at ipinapasa sa asignatura. Batay sa gawaing pampagkatuto na nakapaloob sa *self-learning module* mula sa Kagawaran ng Edukasyon ang mga isinulat na sanaysay ng mga mag-aaral. Ayon sa kompentensi sa Filipino 8, inaasahang nakapipili ang mga mag-aaral ng isang napapanahong paksa sa pagsulat ng isang sanaysay (F8PU-IIf-g-27). Ang kompentensing ito ang nag-uutos at nagging basehan upang magsulat ang mga mag-aaral ng sanaysay na nagging korpus ng pag-aaral. Pumili ang mga mag-aaral sa mga nakalahad na paksa sa modyul at sumulat sila ng sanaysay tungkol dito. Ang mga paksa o temang pinagpilian ng mga mag-aaral ay: Edukasyon sa Panahon ng Pandemya; *Mental Health* ng Kabataan sa Bagong normal; Pagkakalbo ng mga Bundok at Kagubatan; at Pagkahumaling ng Kabataan sa *Social Media*. May kabuuang tatlumpong sanaysay ang sinuri ng mananaliksik. Batay kina Griffin at Hasser (2000) na ginamit sa pag-aaral ni Andrey at naging batayan din ni Del Rio (2017) ang mungkahing nasa 30 hanggang 40 ang bilang ng korpus na dapat gamitin sa isang lingguwistikong pananaliksik. Nasa anyong deskriptibo ang mga sinulat na sanaysay ng mga mag-aaral. Isa itong anyo ng sanaysay na may layong maglarawan o magbigay katangian sa isang paksang pinag-uusapan.

Sa pag-aaral na ito sinuri ng mananaliksik ang mga katangiang panlingguwistikong mababasa sa mga nakalap na deskriptibong sanaysay. Sinuri rinang mga komunikatibong gamit ng mga ito na nagging batayan sa pagbuo ng isang gabay sa pagsulat ng sanaysay.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**
Sumangguni at humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa Tagapamuno ng Sangay ng Lungsod ng Lucena at ulongguro ng paaralan pinagsagawaan ng pananaliksik upang makalap ang mga kinakailangang datos sa pagsasagawa ng pananaliksik. Nagpadala ng liham-pahintulot ang mananaliksik sa ulongguro ng paaralan upang malayang maisagawa ang pananaliksik at magamit ang mga mag-aaral nito bilang kalahok ng pag-aaral.

Nagpasulat ang mananaliksik sa mga mag-aaral ng sanaysay sa Baitang 8 ng naturang paaralan. Bahagi rin ito ng kanilang pag-aaral at kinakailangang awtput sa Filipino 8. Nakasaad sa kanilang kasanayang pampagkatuto sa ikalawang markahan na inaasahang nakapipili ang mga mag-aaral ng isang napapanahong paksa sa pagsulat ng isang sanaysay (F8PU-IIf-g-27). Batay sa kompetensing nabanggit nagsulat ang mga mag-aaral ng mga deskriptibong sanaysay mula sa mga temang nakalahad sa kanilang *self-learning module.*

Kinolekta ng mananaliksik ang mga isinulat na sanaysay ng mga mag-aaral upang maging korpus ng pag-aaral. Muling nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa gurong tagapangasiwa ng Kagawaran ng Filipino ng paaralan upang magamit sa isinasagawang pag-aaral ang mga sanaysay na isinulat ng mga mag-aaral. Kagaya ng ginawa ng mananaliksik sa unang proseso ng pagkalap niya ng datos, nagbigay muli ito ng liham sa tagapangasiwa ng kagawaran upang pahintulotan itong gamiting korpus ng pag-aaral ang nasulat na akademikong sulatin ng mga mag-aaral.

Matapos ang isinagawang pagsusuri sa mga sanaysay, nagtunggo at sumangguni ang mananaliksik sa mga dalubhasa sa Filipino upang maipabalido ang isinagawang pagsusuri. Nagkaroon ng mga rebisyon at pagbabago sa unang isingawang pagsusuri ng mananaliksik batay sa mga mungkahi, komento at puna ng mga sinangguning eksperto. Sinuod na isinagawa ang pagbuo ng awtput ng pag-aaral na gabay sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino. Binuo ito batay sa kinalabasan ng isinagawang pagsusuri sa mga katangiang panlingguwistiko nakita sa mga sanaysay.

Isinagawa ng mananaliksik ang iba pang pananagalap ng datos sa pagtungo nito sa mga silid-aklatan ng iba't ibang paaralan at pamantasan. Isinagawa niya ito sa pamamagitan ng paghingi ng liham-pang-endoso mula sa gurong-tagapagayo nito sa pananaliksik at sa dekana ng gradwadong edukasyon ng *Sacred Heart College.*

**Pagsusuri ng Datos**
Sinuri ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang mga nalikom na sanaysay sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 8. Nakapokus ang pagsusuri sa mga katangiang panlingguwistiko makikita sa mga sanaysay at naging komunikatibong gamit ng mga ito. Naging batayan ng mananaliksik sa pagsusuri ng mga katangaing

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

panlingguwistiko ang mga naunang pag-aaral nina De Ramos (2017) at Oliveros (2019). Sa kanilang mga pananaliksik ipinakita ang mga naging gampanin ng iba't ibang katangian panlingguwistiko sa pagbuo ng isang akademikong sulatin.

Unang sinuri ang mga katangiang panlingguwistiko sinasaklaw ng morpolohiya. Sinuri ang unang baryabol nitong kayarian ng salita sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga salitang ginamit at isinulat sa mga sanayaysay. Itinala ng mananaliksik ang iba't ibang salita mula sa sanaysay at ikinategorya ang mga ito batay sa kanilang kayarian. Gumamit ang mananaliksik ng talahanayan upang maipakita at maiuri ang iba't ibang halimbawa ng kayarian ng salitang nakita sa mga sanaysay. Gayundin inalam ng mananaliksik ang bilang ng bawat kayarian ng salitang nagamit sa sanaysay at mga naging gampanin nito sa mga pangungusap.

Kabilang din sa baryabol na morpolohiya ang bahagi ng pananalita. Sa pamamagitan ng mga katanungan sa ginamit na instrumento ng pag-aaral sinuri ng mananaliksik ang iba't ibang bahagi ng pananalita na makikita sa mga sanaysay. Itinala nito ang iba't ibang bahagi ng pananalita na ginamit at nakita sa mga sanaysay tulad ng pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, pang-abay, pang-ukol, pangatnig, pang- angkop at pananda. Gumamit ang mananaliksik ng talahanayan upang maipakita ang iba't ibang halimbawa ng bahagi ng pananalita mula sa mga isinulat na sanaysay ng mga mag-aaral. Sinuri ng mananaliksik ang bawat bahagi ng pananalita sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahulugan at pagkakaiba ng mga ito. Pinaghambing at binigyang interpretasyon ang bawat isa sa pagtalakay.

Sa bahagi ng sintaksis naging pokus ng pagsusuri ang mga parirala, sugnay at iba't ibang uri ng mga pangungusap na mababasa sa mga sanaysay. Sa pamamagitan ng talatanungan sinuri ang bawat isa. Sa unang baryabol na parirala, itinala ng mananaliksik ang iba't ibang parirala at inihanay sa uring kinabibilangan ng mga ito. Ipinakita din sa pagsusuri ang naging paggamit ng mga ito sa mga sanaysay.
Sinuri ang sugnay batay sa katanungan mula sa instrumento ng pag-aaral. Ipinakita ng mananaliksik ang iba't ibang pangungusap na kinakitaan ng paggamit ng mga sugnay at pinaghiwalay ang mga ito gamit ang talahanayan. Binigyang interpretasyon ang mga sugnay batay sa mga naging gamit ng mga ito sa pangungusap.

Sa parehong proseso sinuri ang iba't ibang uri ng pangungusap ayon sa gamit at kayarian. Itinala ng mananaliksik ang iba't ibang mga pangungusap mula sa mga sanaysay. Mula sa mga ito sinuri at ikinategorya ng mananaliksik ang bawat isa ayon sa kayarian at gamit. Ikinategorya sa tatlo ang mga pangungusap ayon sa kayarian, ang payak, tambalan o hugnayang pangungusap. Gayundin ikinategorya ang mga ito batay sa gamit na maaaring ginamit bilang paturol, patanong, pautos at padamdam.

Matapos ang isinagawang pagsusuri sa mga katangiang panlingguwistikong nakita sa mga sanaysay sunod na binigyang pagsusuri ng mananaliksik ang mga naging komunikatibong gamit ng mga ito. Itinala ng mananaliksik Ang bawat katangiang panlingguwistiko nakalahad sa suliranin ng pag-aaral. Inilahad din niya ang naging komunikatibong gamit ng bawat isa. at nagpakita ng mga halimbawa sa huling hanay. Sinuri at binigyang interprestasyon ang mga ito sa pamamagitan ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral. Tinalakay at mababasa sa ikalawang kabanata ng pag-aaral na ito ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral na ginamit sa pagsusuri. Ginamit ng mananaliksik ang kinalabasan ng pagsusuri ng datos at mga nakalap na kaugnay na literatura sa pagbuo ng gabay sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino.

**Interkoder**
Sumangguni ang mananaliksik sa mga dalubhasa at natatanging indibidwal na may kaalaman at mahusay na kasanayan sa paksa ng isinagawang pag-aaral. Humingi ng tulong ang mananaliksik sa apat na guro sa Filipino. Nagbigay ng liham ang mananaliksik sa mga naturang guro upang hingin ang kanilang tulong at maaaring mga maging mungkahi sa isinagawang pagsusuri. Tatlo sa mga ito ang dalubguro sa Filipino at isang gurong nagtuturo ng Filipino 8. Nakapag-aral ang lahat ng gurong sinangguni ng Master ng Sining ng Edukasyon Medyor sa Filipino. Isa ang may digri at nakapagtapos ng Doktor ng Pilosopiya sa Filipino. Sa tulong ng mga naturang eksperto ipinabalido ang pagsusuring ginawa ng mananaliksik sa mga sanaysay. Matapos maipabalido ang isinagawang pagsusuri nagpapirma ang mananaliksik ng sertipiko ng pagpapatibay bilang patunay na dumaan sa balidasyon ng mga dalubhasa ang naging pagsusuri sa mga sanaysay. Sa pamamagitan ng kanilang mga mahahalagang puna, komento, kritisismo at mungkahi nasagot ang mga suliraning nakalahad sa pananaliksik at matagumpay na naisakatuparan ang pag-aaral.

**Etikal na Konsiderasyon**
Naisakatuparan ang pag-aaral na ito sa tulong at kooperasyon ng mga bawat indibidwal na bumubuo sa paaralan kung saan isinagawa ng mananaliksik ang pangangalap ng datos. Unang humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa Tagapamuno ng Sangay ng Lungsod ng Lucena na makapagsagawa ng pag-aaral sa isa mga paaralang nasasakupan ng kanyang pamunuan. Nang maphintulutan ito, sunod na lumapit at humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa ulonnguro ng paaralan upang magamit ang mga sanaysay na isinulat ng mga mag-aaral.

Malinaw na ipinahayag sa liham-pahintulot ang layunin at intensyon ng pag- aaral gayundin ang pagtitiyak na tanging gagamitin lang sa isinasagawang pananaliksik ang mga makakalap na datos. Pinahintulatan ito ng punongguro at mga gurong tagapayo ng bawat klase sa Baitang 8. Tiniyak ding mananatiling lihim at hindi ipapaalam ang ang mga pangalan ng mga mag-aaral na sumulat ng mga sanaysay. Matapat na sinuri ng mananaliksik ang mga sanaysay batay sa inilahad na mga katanungan at layunin ng pag-aaral. Malugod na ipinakita ng mananaliksik ang kinalabasan ng pagsusuri, mga nahinuhang konklusyon at nabuong awtput sa mga gurong bumubuo ng paaralan. Iminumungkahi magamit at malapat ang kinalabsan ng pag-aaral sa paaralan upang higit na mapaunlad ng mga mag-aaral

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay gamit ang iba't ibang katangiang panligguwistiko.

## III. BUOD NG KINALABASAN, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON

Naglalahad ang kabanatang ito ng buod ng kinalabasan ng pag-aaral, konklusyon na nagmula sa kinalabasan ng pag-aaral at mga rekomendasyon ng mananaliksik.

May pangkalahatang layunin ang pag-aaral na itog mabatid ang iba't ibang katangiang panlingguwistikong makikita sa mga sa sanaysay sa Filipino 8 at masuri ang mga naging komunikatibong gamit ng mga ito. Batay sa naging resulta ng pagsusuri ng mga katanggiang panlingguwistiko nakita sa mga sanaysay binuo ang isang gabay sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino.

**Buod ng Kinalabasan**

Ang mga sumusunod ang naging kinalabasan ng isinagawang pagsusuri sa mga nakalap na sanaysay sa Filipino 8.

1. Matapos malikom at masuri ng mananaliksik ang mga katangiang panlingguwistiko sa mga sanaysay ng mga mag-aaral, ang sumusunod ang kinalabasan:

1.1 Morpolohiya

1.1.1 Kayarian ng Salita

Kinakitaan ang mag sanaysay ng paggamit ng iba't ibang kayarian ng salita. Pinakamadami ang nasa kayariang maylapi, pangalawa ang mga payak na salita, sinusundan ito ng mga salitang inuulit at iilan lang ang tambalang salita. Ginamit sa pagbuo ng mga pangungusap ang mga iba't ibang kayarian ng salita.

1.1.2. Bahagi ng Pananalita

Sa bahagi ng pananalita, kinakitaan ang mga sanaysay nang mayaman na paggamit ng iba't ibang habagi ng pananalita gaya ng pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, pang-bay, pangatnig, pang-ukol, pang-angkop at pantukoy.

1.2. Sintaksis

1.2.1 Parirala

Ang ilan sa mga pariralang naging prominante at ginamit ng mga mag- aaral sa kanilang mga sanaysay ang mga pariralang pawatas, pariralang pang- ukol, pariralang pang-abay at pariralang pang-uri.

1.2.2. Sugnay

Nagamit ng mga mag-aaral sa kanilang pagsulat ang dalawang uri ng sugnay, ang mga sugnay na makapag-iisa at ang sugnay na di makapag-iisa. Ilan sa mga sinuring sanaysay ang maayos na nailapat ang iba't ibang gamit ng sugnay na di makapg-iisa.

1.2.3. Uri ng Pangungusap Ayon sa Kayarian

Sa uri ng pangungusap ayon sa kayarian, pinakamadami ang mga payak na pangungusap, sinusundan ito ng mga hugnayang pangungusap at iilang tambalang pangungusap. May dibersidad at barayti ang mga ginamit na pangungusap sa mga sanaysay.

1.2.4. Uri ng Pangungusap Ayon sa Gamit

Sa uri ng pangungusap ayon sa gamit, ang pangungusap na paturol o pasalaysay ang pinakaginamit at pinakamadami sa mga naisulat ng mga mag- aaral. May ilang pangungusap na patanong samantalang sobrang dalang o kakaunti lang ang mga pangungusap na pautos at padamdam.

2. Nagkaroon ng iba't ibang komunikatibong gamit ang mga katangngiang panlingguwistiko nakita at ginamit sa sanaysay.

3. Nabuo ang awtput ng pag-aaral na isang gabay sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino 8. Naglalaman ito ng mga mungkahi at pagtalakay tungkol pagsulat ng sanaysay gamit ang iba't ibang katangiang panligguwistiko.

**Konklusyon**

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Naglalaman at binubuo ng iba't ibang katangiang panlingguwistiko sa larangan ng morpolohiya at sitaksis ang mga sanaysay sa Filipino 8.
2. May iba't ibang komunikatibong gamit ang mga katangiang panlingguwistiko ginamit at nakita sa mga sanaysay ng mga mag-aaral sa Filipino 8.
3. Maaaring makabuo ng isang materyal tulad ng gabay sa pagsulat ng sanaysay batay sa pagsusuri ng katangiang panlingguwistiko ng mga akdang pampanitikan.

## TALASANGGUNIAN

1. *Abad, M.A. at Ruedas, P.C. (2001). Filipino Bilang Gamit sa Pagtuturo. Mandalutong City: National Bookstore*
2. *Abregana, M., Acerdano M., Cruz, J.M., (2019). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Makati City: Private Education Assistance Committee*
3. *Acero, V.D., Javier, E.S., at Castro, H.O. (2007). Principles of Teaching 1. Manila Philippines: Rex Printing Company. Rex Bookstore. (2007).*
4. *Alcaraz, C.V., & Buenaventura, S. M. (2017). Komunikasyon sa Akademikong Filipino (Filipino I). Manila: Libro Filipino Enterprises.*
5. *Ambat, V.C., Carino, E.O., Carpio, L.O., Peralta, R.N., et al., (2014). Panitikang Asyano 9: Modyul ng Mag-aaral sa Filpino. Pasig City: DepEd Complex. Sunshine Interlinks Publishing House, Inc.*
6. *Angeles, M.A., Hermogenes, W. E., Pariente, A. E., Tapar, I.A., V. (2019). Filipino ng Lahi 8. Legazpi Village, Makati Cityy Philippines: DIWA Learning System*
7. *Angeles, M.A., Hermogenes, W. E., Pariente, A. E., Tapar, I.A., V. (2019). Filipino ng Lahi 9. Legazpi Village, Makati Cityy Philippines: DIWA Learning System Inc.*
8. *Angeles, M.A., Del Mundo, D. V., Pariente, A. E., Tapar, I.A., V. (2019). Filipino ng Lahi 10. Legazpi Village, Makati Cityy Philippines: DIWA Learning System*
9. *Aquino, F. O. (2015). Sining sa Komunikasyon. Quezon City: Kadena Press.*
10. *Arrogante, J. A. (2019). Pinaunlad na Pagbasa at Pagsulat. Mandaluyong City:National Book Store.*
11. *Astorga, E. Jr. (2010). Pagbasa, Pagsulat at Pananaliksik (Filipino 2). Manila: Mindshapers.*
12. *Atanacio, H. C. et al. (2016). Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Quezon City: C & E Publishing.*
13. *Ayon, A.J., Barquilla R., Constantino R., Garcia A.S., et al., (2019). Isang Pag-aaral sa Antas ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sa Wastong Paggamit ng Wikang Filipinong sa Pakikipagtalastasan, Valenzuela, Metro Manila: Our Lady of Fatima University.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

14. *Badayos, P. B. (2012). Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika: Mga Teorya, Simulain at Istratehiya.Metro Manila: Grandbooks Publishing, Inc.*
15. *Badayos, P.B (2014). Retorika: susi sa masining na pagpapahayag: aklat sa Filipino 3 para sa kolehiyo at Pamantasan. Pateros, Metro Manila: Grandbooks Publishing.*
16. *Bron, L. O., Dinglasan, R. D., Lalunio, L. P., Badayos, P.B., et al. (2002) Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina. Manila: U.S.T. Pub. House.*
17. *Belvez, P. M. (2004). Pagbasa at Pagsulat sa Ibat Ibang Disiplina.Manila: RexBookStore.*
18. *Bernales, R. (2010). Pagbasa at pagsulat tungo sa Pananaliksik. Malabon City: Mutya Publishing House.*
19. *Bernales, R. et al (2019). Filipino sa iba't ibang Disiplina. 105EngineeringRoad, Araneta University Village, Potero, Malabon City: Mutya Publishing House Inc*
20. *Bureau of Secondary Education. (2010). Department of Education Secondary Education Curriculum. Pasig City,*
21. *Purcell, K., Buchanan, J., & Friedrich, L (2013). The Impact of Digital Tools on Student Writing is Taught in Schools. National Writing Project. Retrieved September 20, 2015.From:https://www.pewinternet.org./files/oldmedia/files/reports/2013/pip_*
22. *Casinto C., Carlo C. (2010). Handbook on Principles of Teaching 1. Manila: Rex Bookstore Inc.*
23. *Cabigao, J.R. (2012). Magsikap. Mamulat. Magsulat. Pagpapaunlad sa Batayang Kasanayan Sa Pagsulat ng mga Mag-Aaral sa Filipino Baitang 7. Malolos City*
24. *Cambridge University Press. (2017). The 4 English Sentence Types. Retrieved from https://www.englishclub.com/grammar/sentence/type.php March 2023.*
25. *Cantillo, L. M. et al. (2016). Aklat sa komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Pilipino (SIKHAY). Quezon City: St. Bernadette Publishing House.*
26. *Corpuz, B.B. (2015) Educational Technology 1 – 3rd Edition. Quezon City, Metro Manila,Philippines:Lorimar Publishing Inc.*
27. *Cote, C. (2021). What is Descriptive Analysis? 5 Examples. Harvard Business School→HBS Online. Retrieved at https://online.hbs.edu/blog/post/descriptive analytics#:~:text=Descriptive%20analytics%20is%20the%20process,but%20doesn't%20dig%20deeper*
28. *Cruz, C.J (2010). Campus Journalism and School Paper Advising. Sta Mesa Heights, Quezon City: Rex Printing Company Inc*
29. *De Castro, MG. R. (2015). Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral Gamit ang Video Teaching Bilang Kagamitang Panturo sa Grado-9. Unpublished Thesis. Lucban, Quezon: Southern Luzon State University – Gradwadong Paaralan*
30. *De Ramos, R. C. (2017). Linguistic features of grade 10 students' academic texts in Maryhill College. Unpublished Thesis. Lucena City: Sacred Heart College Graduate School*
31. *Del Rio, J. G. (2018). Content analysis of violence in argumentative editorials in major Philippine broadsheets. Unpublished Thesis. Lucena City: Sacred Heart College Graduate School*
32. *Delos Santos. H et al., (2016). Makipagtalastasan Tayo sa Filipino (Wika at Pagbasa).Metro Manila: Amos Book Inc.*
33. *Dolor, H. Z. (2018). Epekto ng lingguhang pagyudyurnal sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Filipino 10. Schools Division Office: Dagupan City*
34. *Enrijo, W. A., Bola, B. B., Maniquis, A. B., Salum R. T., et al., (2013) Panitikang Pilipino Ikawalong Baitang Filipino - Modyul para sa mga Mag-aaral. Boni Serrano Ave. Quezon City, Book Media Press, Inc.*
35. *Enrijo, W.A. (2015). Darayo: Batayang Aklat sa Wika at Panitikan.Sampaloc, Manila: St. Augustine Publications, Inc.*
36. *Enriquez, M. B. (2013). Mother tounge-based multi-lingual education. Now and Beyond.The Modern Teacher Volume 62.*
37. *Francisco, C.G. C., Medellin, J. P., Escoto, M. C., Rosales, G. B., Badayos, P. B. et al. (2017). Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Mutya Publishing*
38. *Galingana, G. (2019). Kakayahan sa pagsulat ng sanayasay ng mga mag-aaral sa University of Perpetual Help System. Cauayan City, Isabela; University of Perpetual Help System-Graduate School*
39. *Gallego, M. K. (2016). Isang Pagsusuri sa Korpus Ukol sa Pagbabago ng Wikang Filipino,1923-2013. Philippine Social Sciences Review 68 No.1*
40. *Gamboa, J. R. (2018). Paggamit ng Milenyong Wika sa Pagsulat ng Kathang Sanaysay Pangasinan State University-Graduate School, Uradenta City, Pangasinan.*
41. *Gannaban, M.F. E. (2013). Dalawang Kaso: Kunwari o Halimbawa? Alin sa Dalawa? Sinong Siya? Tao o Bagay?. Technological University of the Philippines-Taguig. Retrieved at https://www.researchgate.net/publication/318528715*
42. *Garcia, L. C. et al (2010). Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Malabon City Jimezyville Publications.*
43. *Garcia, E. M. & Ramboyong R. T. G. (2019). Modyul sa Komunikasyon at Pananaliksik Sa Wika at Kulturang Filipino. Lucena City: MSEUF Pub. Press.*
44. *Harsono, Y.M. (2017). "Developmental Learning Materials for Specific Purposes."*
45. *TEFLIN Journal. Volume 18, No. 2, August*
46. *Hermogenes, W. E., at Pariente, A. E. (2019). Filipino ng Lahi 7. Legazpi Village, Makati City Philippines: DIWA Learning System Inc.*
47. *Herrity, J. (2021). 4 Types of Sentences: Definitions, Examples and Tips. Retrieved at February 12, 202https://www.indeed.com/careeradvice/careerdevelopment/types-of-sentences*
48. *Javier, C. L. & Barlaan J. P. (2020). Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga*
49. *Senior High School Gamit ang Teknolohiya. Multidisciplinary Research Journal, Vol.3, PSU School of Advance Study*
50. *Lucas, M.R. D. (2015). Field Study 4: Exploring the Curriculum. Metro Manila, Philippines Lorimar Publishing Inc.*
51. *Mabuan, R.A. (2015). An Analysis of Weblogs' Grammatical Errors of Filipino Learners of English as Second Language. Lyceum of the Philippines University – Manila. Presented at the DLSU Research Congress 2015, De La Salle University, Manila, Philippines*
52. *Malicsi, J.M. (2018). Adyenda sa Pananaliksik sa Gramar ng Filipino. Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, Manila: Kagawaran ng Lingwistiks.*
53. *Mayos, N.G. (2018). Ang Guro ng Bagong Milenyo: Mga*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Kagamitang Panturo sa Filipino.Cabanatuan City: JIMCY Publishing House.*

54. *Marasigan, E.V. at Tesalona L.C. (2018). Pinagyamang Pluma 6 Wika at Pagbasa para sa Elementarya. 927 Quezon Avenue, Quezon City: Phoenix Publishing House*
55. *McNamara, D.S., Crossley, S. A. at McCarthy, P. A. (2010). Linguistic Features of WritingQuality.Retrieved from http://wcx.sagepub.com/cgi/content/abstract/27/1/57by http://www.sagepublications.com*
56. *Molina, S.C., Urgelles., R.P., Sayson, R.C., et al., (2015). Panitikang Pandaigdig. Filipino 10: Modyul para sa Mag-aaral. Pasig City: DepEd Complex., Vibal Group Inc.*
57. *Nitko A.J. at Brookhart S.M. (2019). Pearson Near Intrnational Edition, Educational Assessment of Students, 6th Edition. Boston, Mass: McGraw Hill: Higher Education Printing Press*
58. *Nordquist, R., (2020). Defenition and Example of Syntax. Retrieved from https://www.thoughtco.com/syntax-grammar-1692182 October 12, 2020*
59. *Nurani, S., Mufliharsi, R. & Yohanna, L. (2013). Linguistic Features Analysis of the English Electronic Commerce Websites. English Review: Journal of English Education, 2(2), 133-144(Official Gazette, 2012, p. https://www.officialgazette.gov.ph/)*
60. *Oco, N. A. (2014). Statistics-based Rule Generation for Filipino Style and Grammar Checking Graduate Thesis Della Salle University. Mula sa Dela Salle University online Library.*
61. *Oliveros, A. A. (2019). Linguistic Features in Opinion Articles by Male and Female Campus Journalist. Unpublished Thesis. Lucena City: Sacred Heart College Graduate School*
62. *Packer, M. (2010). The Science of Qualitative Research. Cambridge: Cambridge University Press. Retrieved at https://www.cam.ac.uk/*
63. *Paul, R. (2007). Language disorders from infancy through adolescence: Assessment and intervention. (3rd. ed.) St. Louis, MO: Mosby/Elsevier.*
64. *Pagaraga, A. L. (2017). Supplemental na Kagamitan sa Estraktura ng Wikang Filipino. Unpublished Thesis. Lucban, Quezon, Southern Luzon State Unverisity, CAS: Kagawaran ng Wika, Panitikan at Huminadades.*
65. *Raflores, E (2019). Binhi Pinagyamang Edition. Lungsod ng Valenzuela: JO-ES Publishing House.*
66. *Reyes, A. R. C. & Setubal, J. S. (2016). Pinagyamang Wika at Panitikan 10. Makati City, Philippines, Diwa Learning Systems Inc.*
67. *Reyes, A. R. C. & Setubal, J. S. (2016). Pinagyamang Wika at Panitikan 8. Makati City, Philippines, Diwa Learning Systems Inc.*
68. *Richohermoso, M.W. (2013). Baybayin;Paglalayag sa Wika at Pagbasa(Batayan sa Sanayang Aklat sa Filipino). Manila, Philippines: Rex Box Store.*
69. *Russell, M.K (2014). A Comparison of Linguistic Features in the Academic Writing of Advanced English Language Learner and English First Language University Students. Retrieved from Portland State University, PDXScholar: www.pdxscholar.library.pdx.edu*
70. *San Juan, D. M., De Laza C.S., Martinez, E., et al., (2019). Sangandaan: Filipino sa Iba't Ibang Disiplina. Malabon City. Mutya Publishing House, Inc*
71. *Sándorová, Z. (2019). Content Analysis as a Research Method in Investigating the Cultural Components in Foreign Language Textbooks. Retrieved from @https://www.researchgate.net/publication/331114259. ournal of Language and Cultural Education, 2(1) ISSN 1339-4045 (print), ISSN 1339-4584 (online) SlovakEdu*
72. *Santiago, A.O.at Tiangco, N.G (2003). Makabagong Balarilang Filipino (ika-2nd (na) edisyon). Sta. Mesa Heights, Lungsod ng Quezon: Rex Book Store, Inc.,*
73. *Santos, L. K. (1944). Balarila ng Wikang Pambansa (ika-2nd (na) edisyon), Lungsod ng Maynila: Kawanihan ng Palimbagan*
74. *Seely,J.(2016).Grammarmfor Teachers. Retrieved from https://www.englishclub.com/grammar/sentence/type.php March 2023.*
75. *Selwyn, N. (2017). Education and Technology, Key Issues and Debates. So Mendia Lane, New York City USA: International Publishing Group.*
76. *Tomlinson, B. at Masuhara, H. (2008). Developing Language Course Materials. 30 Orange Grove Road, Singapore: SEAMEO Regional Laguage Center*
77. *Vicker, B. (2018). Communicative functions or purposes of communication. Retrieved From https://www.iidc.indiana.edu/irca/articles/communicative-functions-or-purposes-of-communication.html September, 2021. The Reporter.*
78. *Walden University Writing Center. (n.d.). Scholarly Voice: Varying Sentence Structure.Retrieved from https://academicguides.waldenu.edu/writingcenter/scholarlyvoice/sentencestrureFrbruary 15, 2023.*
79. *Zafra G. (2016). Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12) Retrieved 16 Okt 2021 mula sa https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/katipunan/article/view/*